
# Paano Makikita, Maiiwasan, at Maire-report ang Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan sa Iyong Wika

TAGALOG

## Ano ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan?

Nangyayari ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan kapag ginagamit ng isang tao ang iyong personal o pinansyal na impormasyon nang wala ang iyong pahintulot. Maaari niyang nakawin ang iyong pangalan at address, mga numero ng credit card o account sa bangko, numero ng Social Security, o mga numero ng account sa medikal na insurance, at gamitin ang mga ito para



- bumili ng mga bagay gamit ang iyong mga credit card
- kumuha ng mga bagong credit card sa pangalan mo
- magbukas ng account sa telepono, kuryente, o gas sa pangalan mo
- kumuha ng trabaho
- nakawin ang iyong refund sa buwis
- gamitin ang iyong insurance na pangkalusugan para makakuha ng medikal na pangangalaga
- magpanggap na ikaw kung siya ay naaresto

## Paano ko malalaman kung may nagnakaw ng aking pagkakakilanlan?

Narito ang ilang paraan para malaman mo kung may nagnakaw ng iyong pagkakakilanlan:

- **Basahin ang iyong mga bill.** May nakikita ka bang mga singil na hindi mo binili?
- **Tingnan ang statement ng iyong account sa bangko.** May mga pagwi-withdraw ba na hindi mo ginawa? May mga singil ba na hindi mo inasahan?
- **Tingnan ang iyong mga sulat.** Tumigil ba ang pagdating ng bill? Nakatanggap ka ba ng bill para sa isang account na hindi mo kailanman binuksan? O nakatanggap ka ba ng sulat tungkol sa isang taga-empleo na hindi mo nakikilala?
- **Kunin ang iyong report ng kredito.** May mga account ba o iba pang impormasyon na hindi mo nakikilala? Para makuha ang iyong report, tawagan ang Annual Credit Report sa **877-322-8228**, o pumunta sa **AnnualCreditReport.com**. Isaalang-alang ang paghingi ng tulong sa isang taong pinagkakatiwalaan mo. Ang pederal na batas ay nagbibigay sa iyo ng karapatang makakuha ng libreng kopya ng iyong report ng kredito kada 12 buwan mula sa bawat isa sa tatlong kawanihan ng kredito sa buong bansa. (Ang tatlong kawanihan ay nagpapahintulot na rin sa iyo ngayon na tingnan ang iyong report ng kredito nang isang beses kada linggo nang walang bayad sa **AnnualCreditReport.com**).

**Kung sinagutan mo ng oo ang alinman sa mga tanong na ito, maaaring may nagnakaw sa iyong pagkakakilanlan.** →

## Paano ko mapoprotektahan ang aking sarili mula sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan?

Kahit sino ay puwedeng manakawan ng pagkakakilanlan. Upang mabawasan ang pagkakataong manakawan ng isang tao ng pagkakakilanlan

- **Protektahan ang mga dokumentong may personal na impormasyon.** Itabi sa isang ligtas na lugar ang mga opisyal na dokumento tulad ng iyong sertipiko ng kapanganakan, Social Security card, mga statement ng account. I-shred ang anumang mga dokumentong magsisiwalat ng iyong personal na impormasyon bago mo itapon ang mga ito.
- **Huwag ibahagi ang numero ng iyong Social Security sa isang taong hindi mo inaasahang makikipag-ugnayan sa iyo.** Kahit sabihin niya na mula siya sa Social Security Administration (Pangasiwaan para sa Seguridad na Panlipunan), sa IRS, sa iyong bangko, o iba pang organisasyong alam mo. Hindi siya mula sa mga ito. Ito'y isang scam.
- **Protektahan ang iyong impormasyon online at sa iyong telepono.** Gumamit ng mga password na mahirap mahulaan. At magdagdag ng multi-factor na authentication, tulad ng code na makukuha mo sa pamamagitan ng mensaheng text, para sa mga account na nag-aalok nito.
- **Repasuhin ang iyong mga bill.** Tingnan ang mga singil para sa mga bagay na sa tingin mo ay hindi mo binili, o hindi inaasahang bill. Maaaring palatandaan ito ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

## Paano ko ire-report ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan at makakuha ng tulong sa aking wika?

Kung may pinaghihinalaan kang pagnanakaw ng pagkakakilanlan, i-report ito sa Federal Trade Commission (Pederal na Komisyon sa Kalakal).

- Tumawag sa **877-438-4338 mula 9 am hanggang 5 pm ET**.
- Pindutin ang 3 para sa listahan ng mga wika para mag-report ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan at malaman ang susunod na gagawin.

O humingi ng tulong sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na mag-report ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa Ingles sa **IdentityTheft.gov**. Makakakuha ka ng libreng naka-personalize na plano ng pagbangon at ang mga susunod na hakbang.

FEDERAL TRADE COMMISSION
IdentityTheft.gov

Nobyembre 2023